Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BAHAY PULUNGAN NG BARANGAY SANTO ANGEL NORTE, NOONG IKA- 1 NG MARSO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ........... PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 060-T'2000

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 1-T'2000 NG SANGGUNIANG BARANGAY IV POBLACION NA INILALAAN ANG HALAGANG ISANG DAANG TATLUMPU'T DALAWANG LIBO APAT NARAAN LIMAMPU'T SIYAM NA PISO AT WALUMPUNG SENTIMOS (P132,459.80) PARA SA 20% PONDONG PANGKAUNLARAN NG NABANGGIT NA BARANGAY PARA SA TAONG 2000.

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay ng sanggunian ito ang Kapasiyahan Blg. 1-T'2000 ng Sangguniang Barangay IV Poblacion na naglalaan ng halaga para sa pagsasagawa ng programang pangkaunlaran ng nabanggit na barangay para sa taong ito;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Florencio C. Odejar, Edgardo T. Porca, Angelito U. Limjuco at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 01-T'2000 ng Sangguniang Barangay IV Poblacion na inilalaan ang halagang P132,459.80 para sa 20% pondong pangkaunlaran ng nabanggit na barangay para sa taong 2000.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Manananggol at Sangguniang Barangay IV Poblacion, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:
DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan